Isa sa pinakamainam na panalangin para sa kagalingan ay ang "Panalangin ng Panginoon", "Ama Namin"

Dapat nating bigkasin ito ng mabagal at maingat, hindi nagmamadali.

Kailangan nating alalahanin kung bakit natin sinasabing "Ama Namin" at hindi "Ama Ko:" sapagkat si Hesus, Anak ng Ama sa Langit, ating Kapatid, ay nanalangin kasama natin!

Kaya't kung ako'y nanalangin para kay Adam na may karamdaman, panalangin ko ay:

Hesus, pagalingin N'yo po si Adam.
Samo ko'y gumaling siya kaagad.
Hesus, para kay Adam,
ako'y nanalangin kasama ka:

Ama naming nasa langit
Nawa'y mahalin at ibigin Ka ng lahat.
Mapasaamin ang Kaharian Mo.
Ang Iyong kalooban ang masusunod dito sa lupa tulad nang sa langit. Salamat sa sapat na pagkain sa araw na ito. Patawarin N'yo kami tulad nang pagpapatawad namin sa iba. Iligtas N'yo kami sa oras ng pagsubok.
Isanggalang kami sa masasama.